

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Gabay ng mga Taga-Employo

Hinihiling ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan (Pamublikong Kalusugan) ng Los Angeles County ang iyong tulong upang maghanda at tumulong maiwasan ang pagkalat ng novel (bago) coronavirus sa Los Angeles County. Sa buong mundo, patuloy na dumarami ang mga taong nahawaan ng virus na ito na nagiging sanhi ng "coronavirus disease 2019" (pinaikli sa COVID-19) sa kalakhang Tsina at sa ibang lugar. Ayon sa mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit at ng World Health Organization, ang kasalukuyang mga pangyayari sa buong mundo ay nagpapahiwatig na ang virus ay maaaring kumalat sa buong mundo na nagsasanhi ng isang pandaigdigang epidemya. Kailangan nating maghanda upang maiwasan ang lokal na pagkalat ng impeksyong ito.

Ang Pamublikong Kalusugan ay aktibong gumagawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyong ito. Mariin naming inirerekumenda na suriin at i-update ng lahat ng mga organisasyon ang kanilang mga pang-emerhensya na plano at isalang-alang ang mga paraan upang magpatuloy ang mga mahahalagang serbisyo kung ang mga on-site na operasyon ay kailangan na pansamantalang mabawasan.

Sa simula ng buwang ito, ibinahagi namin sa iyo ang aming [Gabay Para sa Mga Taga-Employo Tungkol sa Novel Coronavirus](#) na naglalaman ng iba't ibang mga personal at pang-organisasyon na mga hakbang sa pag-iwas upang mabawasan ang pagkalat ng novel coronavirus. Kung mayroong makabuluhang lokal na transmisyong sa komunidad ng COVID-19, bilang karagdagan sa pagpapatuloy sa pagbibigay-diin sa mga hakbang na ito, maaaring kailanganin ng Pamublikong Kalusugan na magpatupad nang mas maraming nakagagambalang mga aksyon tulad ng pagkansela ng mga kaganapan at pagsasara ng mga negosyo upang makatulong na mapabagal ang pagkalat ng impeksyon. Hinihiling namin sa mga taga-employo na magsimulang maghanda kung sakaling ang mga naturang aksyon ay kinakailangan. Ang sulat na ito ay nagbuuod sa aming kasalukuyang mga rekomendasyon upang makatulong na maiwasan ang pagkalat ng novel coronavirus. Bilang karagdagan, hinihikayat namin kayo na bisitahin ang webpage ng DPH Novel Coronavirus para sa mga mapagkukunan kabilang ang Gabay Para sa Negosyo at Mga Taga-employo, Mga Madalas Itanong na Mga Tanong at mga infographics: <http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/>.

Pangkalahatang Impormasyon

Anong mga hakbang sa pag-iwas ang dapat gawin sa antas ng organisasyon upang mabawasan ang pagkalat ng mga virus sa palahingahan, tulad ng virus na nagdudulot ng COVID-19?

- Ituro at bigyang-diin ang kahalagahan ng pang-araw-araw na personal na mga aksyon sa pag-iwas (tingnan sa ibaba).
- Hikayatin at suportahan *ang mga kawani, at mga nagboluntaryo*, na manatili sa bahay kapag sila ay may sakit. Paalalahanan silang manatili sa bahay at huwag bumalik sa trabaho hanggang sa mawala ang kanilang lagnat ng hindi bababa sa 24 na oras na hindi gumagamit ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat.
- Magbigay ng sapat na mga kagamitan para sa mabuting kalinisan, kabilang ang madaling pag-akses sa malinis at gumagana na mga istasyon ng mapaghuhugasan ng kamay, sabon, mga tuwalya na papel, at nakabatay sa alkohol na sanitiser sa kamay.
- Hikayatin ang regular na paghuhugas ng kamay kasama ang bago kumain, pagkatapos gamitin ang banyo at pagkatapos ng pag-ubo at pagbahin.
- Bawasan, kung posible, ang malapit na pakikisalamuha at pagbabahagi ng mga bagay kabilang ang mga baso, pagkain, at inumin.

Los Angeles County Department of Public Health

www.publichealth.lacounty.gov

Updated: March 3, 2020



Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Gabay ng mga Taga-Employado

- Regular na linisin at disimpektahin ang lahat ng madalas na hawakan na mga ibabaw at mga bagay, tulad ng hawakan ng pinto, mga hawakan sa hagdanan, mga patungan, mga hawakan ng gripo, at mga telepono. Gamitin ang karaniwang mga panlinis na sangkap at sundin ang mga nakatatak na direksyon.
- Bigyan ang mga empleyado ng tumpak na impormasyon tungkol sa novel coronavirus at mga hakbang na maaari nilang gawin upang maprotektahan ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga pamilya.

Kasama sa pang-araw-araw na personal na mga aksyon sa pag-iwas ay:

- Manatiling nasa bahay kapag ikaw ay may sakit. Manatili sa bahay nang hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos na mawala ang iyong lagnat o mga sintomas ng lagnat na hindi gumagamit ng mga gamot na nagpapababa ng lagnat.
- Hugasan ang iyong mga kamay nang madalas gamit ang sabon at tubig na hindi bababa sa 20 segundo. Kung hindi agad makakagamit ng sabon at tubig, gumamit ng isang nakabatay-sa-alkohol na sanitiser ng kamay na hindi bababa sa 60% na alkohol.
- Takpan ang iyong mga pag-ubo at pagbahin ng isang tisyu, at pagkatapos ay itapon ang tisyu at linisin kaagad ang iyong mga kamay. Kung wala kang tisyu, gamitin ang iyong manggas (hindi ang iyong mga kamay).
- Limitahan ang malapit na pakikisalamuha sa mga taong may sakit.
- Linisin at disimpektahin ang madalas hawakan na mga bagay at mga ibabaw gamit ang isang regular na pang-spray o pamunas na panlinis ng bahay.

Ano ang dapat ipaghanda ng aming negosyo kung mayroong pagtaas ng transmisyon ng COVID-19 sa komunidad?

Ang pagtaas ng transmisyon sa komunidad ng COVID-19 ay nagpapahiwatig ng lumalaking panganib sa pangkalahatang publiko at ang karagdagang mga pag-iingat ay maaaring kailangang gawin upang malimitahan ang anumang lokal na transmisyon sa komunidad. Ang mga organisasyon ay dapat magkaroon ng isang plano at maging handa na gawin ang karagdagang mga aksyon, kung inirerekumenda ng Pamublikong Kalusugan:

- Magkaroon ng isang plano upang makipag-ugnayan sa iyong *kawani*, at *mga nagboluntaryo*. Bisitahin ang aming website, publichealth.lacounty.gov, para sa tumpak at na-update na impormasyon na maaaring magamit para sa iyong mga komunikasyon.
- Payagan ang mga kawani na manatili sa bahay kung may isang tao sa kanilang bahay ay may sakit o nangyari ang pagsasara ng mga paaralan.
- Huwag hilingin ang isang sulat ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga empleyado o mga nagboluntaryo na may di-malubhang sakit sa palahingahan upang mapatunayan ang kanilang sakit o upang bumalik sa trabaho. Ang mga tanggapan ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga medikal na pasilidad ay magiging sobrang abala at hindi makakapagbigay ng naturang dokumentasyon sa napapanahong paraan.
- Isaalang-alang kung paano maprotektahan ang mga empleyado na may mas mataas na panganib para sa masamang mga komplikasyon sa kalusugan. Maaaring kabilang dito ang mga estratehiya tulad ng telecommuting at pagbabago sa oras ng pagpasok upang madagdagan ang pisikal na distansya sa mga empleyado, nagsasanay na mga kawani, at pagkansela ng mga di-mahalalagang pagbiyahe sa negosyo at malaking personal na mga pagpupulong at mga kaganapan.
- Ang mga negosyo ay maaaring kailanganing isaalang-alang ang pagsuspende sa mga operasyon kung ang maraming bilang ng mga empleyado ay may malapit na pakikisalamuha sa isang nakumpirma na kaso ng novel coronavirus; ang mga naturang indibidwal (malapit na mga pakikisalamuha) ay maaaring hilingin na magpa-quarantine ng hanggang 14 na araw mula sa huling pagkakalantad. Ang isang panawagan para sa malakihang pagsasara ng maraming mga negosyo ay mangyayari lamang kung mayroong makabuluhang



Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles Gabay ng mga Taga-Employo

transmisyon sa komunidad na hindi maaaring makontrol nang maayos sa pamamagitan ng iba pang mga estratehiya.

- Baguhin, ipagpaliban, o kanselahin ang malalaking kumperensya o mga kaganapan. Ang mga kaganapan kung saan ang mga tao ay malapit na makikisalamuha sa iba para sa isang pinalawig na panahon ay maaaring kailangang kanselahin o mabago kung mayroong makabuluhang transmisyon sa komunidad sa isang partikular na komunidad o maraming iba't ibang mga komunidad. Makikipagtulungan kami sa mga negosyo upang masuri ang panganib at matukoy ang mga epektibong pagpapagaan na estratehiya. Kung makakaranas tayo ng isang mabilis na pagtaas sa bilang ng mga kaso sa buong County, maaari kaming manawagan para sa pagkansela ng maraming iba't ibang uri ng mga pamublikong kaganapan.
- Magpatupad ng mga paraan upang matiyak ang pagpapatuloy ng mga serbisyo kung ang mga on-site na operasyon ay pansamantalang nabawasan tulad ng sa pamamagitan ng teleworking, at nababagong mga iskedyul na may pagsasanay ng mga kawani.

Ang Pansamantalang Gabay Para sa Mga Negosyo at Mga Taga-Employo Para Magplano at Tumugon sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19) ng CDC, Pebrero 2020 ay nagbabalangkas ng mahahalagang pagsasaalang-alang kapag lumilikha ng isang plano ng pagtugon pati na rin detalyadong gabay at praktikal na mga estratehiya.

Alamin kung saan makakakuha ng maaasahang impormasyon

Mag-ingat sa mga pandaraya, maling mga balita at mga panloloko na nakapaligid na novel coronavirus. Ang tumpak na impormasyon, kasama ang mga anunsyo ng mga bagong kaso sa LA County, ay palaging ibabahagi ng Pamublikong Kalusugan sa pamamagitan ng mga press release, social media, at aming website. Ang website ay may higit pang impormasyon sa COVID-19 kabilang ang mga FAQs, mga infographics at isang gabay para mapagtagumpayan ang pagkabalisa, pati na rin ang mga payo sa paghuhugas ng kamay.

- Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Los Angeles County (LACDPH, County)
 - <http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/>
 - Social media: @lapublichealth
- 24/7 na Linya ng Tulong ng Sentro ng Akses ng Kagawaran ng Mental na Kalusugan ng Los Angeles County (800) 854-7771.

Ang iba pang maaasahang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa novel coronavirus ay:

- Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng California (CDPH, Estado)
 - <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/Immunization/nCOV2019.aspx>
- Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC, Pambansa)
 - <http://www.cdc.gov/coronavirus/novel-coronavirus-2019.html>
- World Health Organization (WHO, Internasyonal)
 - <https://www.who.int/health-topics/coronavirus>

Kung may katanungan at may nais makausap tawagan ang linya ng Los Angeles County Information 2-1-1 na bukas ng 24 oras sa isang araw.